

SIYUDAD NG SUISUN
PATAKARAN SA PAGPUTOL NG TUBIG DAHIL SA HINDI PAGBABAYAD NG
SERBISYO NG TUBIG SA TIRAHAN
Resolusyon Blg. 2020-09

Malalapat ang Patakaran sa Pagputol ng Tubig dahil sa Hindi Pagbabayad ng Supply ng Tubig sa Tirahan na ito sa paghinto ng Siyudad sa serbisyo ng tubig sa tirahan dahil sa hindi pagbabayad sa ilalim ng mga probisyong nakalatag dito. Kung magkakaroon ng anumang hindi pagkakasundo sa pagitan ng Patakarang ito at ng anumang ordinansa, patakaran, o panuntunan ng Siyudad, mangingibabaw ang Patakarang ito.

SEKSYON 1. MGA DEPOSITO

- (a) Magbabayad ng \$30 (tatlung dolyar) na paunang deposito sa tubig ang bawat customer. Babayaran ang deposito sa panahon ng aplikasyon para sa serbisyo ng tubig.
- (b) Ang mga customer na nabigong magbayad ng anumang umiiral na bayarin para sa mga nakaraang serbisyo sa tubig gaya ng iniaatas ng Resolusyong ito ay kailangang magbayad ng \$60 (animnapung dolyar) na paunang deposito bawat account para makabuo ulit ng credit sa sistema ng tubig.
- (c) Ibabalik ang mga deposito sa tubig sa customer sa pamamagitan ng aplikasyon laban sa mga bayarin sa paghinto ng serbisyo o pagkatapos ng dalawang taon kung nagbabayad nang tama ang customer sa dalawang taong panahon.

SEKSYON 2. PAGINGIL

- (a) Mga Yugto ng Pagsingil. Ibibigay ang mga singilin para sa lahat ng serbisyo ng tubig tuwing dalawang buwan. Babasahin ang mga metro sa mga tinatayang pantay na pagitan para sa paghahanda ng pana-panahong pagsingil. Isasagawa ang mga espesyal na pagbabasa para sa mga singilin sa pagbubukas o pagsasara.
- (b) Back Billing. Kung napag-alamang gumagamit ang customer ng tubig nang walang singiling ipinapataw, magkakabit ng metro ang sistema ng tubig, kung wala nito, at/o magbibigay ng singilin mula sa petsa ng pagwawakas ng serbisyo at pagbabasa ng nakaraang customer. Maaaring isaayos ng sistema ng tubig ang yugto ng panahong ito pagkabigay ng katibayan ng unang paggamit ng serbisyo.
- (c) Mga Singilin sa Pagbubukas at Pagsasara. Kung ang kabuuang yugto ng serbisyo ay mas maikli sa yugto ng pagsingil, sisingilin ito ayon sa 15 (labinlima) araw na patong at sa mismong pagkonsumo ng tubig. Malalapat ang mga kasalukuyang rate.
- (d) Pagbabayad. Nakatakda at mababayaran ang mga singilin sa petsa ng pagsingil. Dapat magbayad ng pondong available kaagad sa Mga Administratibong Tanggapan ng Siyudad (City Administrative Offices), o sa isang lugar na itinalaga ng Tagapamahala ng Siyudad (City Manager). Walang responsibilidad ang sistema ng tubig sa hindi pagkakatanggap ng mga singilin, maliban na lang sa mga sirkumstansyang nasa ilalim ng direktang kontrol nito. Itinuturing lang na naipadala ang bayad kapag natanggap na ito mismo ng sistema ng tubig.

- (e) Mga Hindi Nakakabayad na Account. Ang lahat ng singilin ay itinuturing na hindi nabayaran tatlumpong (30) araw pagkatapos ng Petsa ng Pagsingil na naka-print sa singilin. Kung hindi mababayaran ang mga hindi nabayarang singilin at anumang nalalapat na bayarin sa pagkahuli sa loob ng 60 (animnapu) araw pagkatapos hindi makabayad ang account, maaaring magdagdag ang sistema ng tubig ng karagdagang bayarin sa pagkolekta para sa pangangasiwa at pagpoproseso. Maaari ding ipawalang bisa ng Siyudad ng Suisun at ng Solano Irrigation District ang mga bayarin sa mga hindi nabayarang singilin tuwing 12 (labingdalawa) buwan para sa mga customer na nagpakitang may antas ng kitang mas mababa sa 200% (dalawang daang porsyento) ng pederal na linya ng kahirapan.
- (f) Bayarin sa Pagkahuli. Gaya ng nakasaad sa Seksyon 2(e), ang lahat ng singilin ay itinuturing na hindi nabayaran tatlumpong (30) araw pagkatapos ng Petsa ng Pagsingil na naka-print sa singilin. Ang lahat ng hindi nabayarang singilin ay papatungan ng 10% (sampung porsyento) bayarin sa pagkahuli. Maaari ding ipawalang bisa ng Siyudad ng Suisun at ng Solano Irrigation District ang mga bayarin sa mga hindi nabayarang singilin tuwing 12 (labingdalawa) buwan para sa customer na nagpakitang may antas ng kitang mas mababa sa 200% (dalawang daang porsyento) ng pederal na linya ng kahirapan.
- (g) Waiver ng Mga Abiso sa Hindi Pagbabayad at Bayarin sa Estado ng California. Ang Estado ng California, dahil sa maayos na pinansyal na pundasyon at pagkakaiba sa pag-apruba ng badyet at mga pamamaraan sa katibayan ng pagbabayad, ay hindi padadalhan ng abiso sa hindi pagbabayad o papatawan ng bayarin sa pagkahuli para sa hindi naibigay na bayad ng mga kasalukuyang account.
- (h) Mga Kasunduan sa Planong May Pagpapaliban Ang sinumang customer na hindi makakapagbayad ng serbisyo ng tubig sa loob ng karaniwang yugto ng pagbabayad ay maaaring humiling ng planong may pagpapaliban ng pagbabayad na ginawa upang hayaang maipagpaliban ang pagbabayad ng account nang hindi bababa sa dalawang yugto ng pagsingil. Hindi lalagpas sa labingdalawang (12) buwan ang yugto ng pagbabayad nang hulugan (amortization).

Upang maging kwalipikado para sa isang alternatibong iskedyul ng pagbabayad, ang customer ay dapat:

1. Magsumite ng pagpapatotoo ng provider ng pangunahing pangangalaga, gaya ng nakasaad sa seksyon 14088(A) (1)(b) ng Kodigo ng Kapakanan at Mga Institusyon (Welfare and Institutions Code), gaya ng kung ang paghinto ng serbisyo ay magiging panganib sa buhay ng, o magdadala ng malalang panganib sa kalusugan at kaligtasan ng, residente ng mga lugar kung saan ibinibigay ang serbisyo.
2. Dapat magpakita ang customer ng kawalan ng kakayahang pinansyal na magbayad sa pamamagitan ng pagpapatunay na ang customer ay may kita ng sambahayang mas mababa sa dalawang daang porsyento (200%) ng pederal na linya ng kahirapan. Maaaring ipakita ng customer na siya ay nasa ilalim ng dalawang daang porsyento (200%) ng pederal na linya ng kahirapan kung ang sinumang miyembro ng sambahayan ay kasalukuyang tumatanggap ng mga CalWORK, CalFresh, pangkalahatang tulong, Medi-Cal, Pandagdag na Kita mula sa Segurong Panlipunan (Supplemental Social Security Income)/Pandagdag na Programa ng Pagbabayad ng Estado (State Supplementary Payment Program), o Espesyal na Pandagdag na Programa ng Nutrisyon ng California para sa Kababaihan, Mga Sanggol, at Mga Bata, o idineklara

ng customer na ang taunang kita ng sambahayan ay mas mababa sa dalawang daang porsyento (200%) ng pederal na linya ng kahirapan.

Itinuturing na planong may pagpapaliban ang mga iskedyul ng pagbabayad na aabot sa susunod na yugto ng pagsingil, na dapat ay nakasulat at nilagdaan ng customer. Babayaran nang hulugan ayon sa planong may pagpapaliban ang hindi nabayarang balanse sa panahong ipinahayag ng customer, na hindi lalagpas sa 12 buwan mula sa orihinal na petsa ng singilin. Ang singiling binayaran nang hulugan ay isasama sa, at napapailalim sa takdang petsa ng, regular na singilin ng customer. Dapat sumunod ang customer sa mga panuntunan ng plano ng pagbabayad nang hulugan at updated dahil nadaragdagan ang mga bayarin sa bawat kasunod na yugto ng pagsingil. Maaaring hindi humiling ang customer ng higit pang pagbabayad nang hulugan ng anumang kasunod na hindi nabayarang singilin habang nagbabayad ng mga hindi nabayarang singilin alinsunod sa isang plano ng pagbabayad nang hulugan. Magresulta sa pagbibigay ng nakasulat na abiso ng pagputol ang kabiguang sumunod sa mga panuntunan ng plano ng pagbabayad nang hulugan. Ang abiso ng pagputol ay nasa anyo ng hanger sa pinto na inihahatid sa lugar nang hindi hihigit sa 5 araw ng negosyo bago ang pagputol ng serbisyo.

- (i) Mga Pamamaraan sa Pagkolekta – Mga Hindi Nakabayad na Account. Magpapadala ng abiso ng hindi pagbabayad sa pamamagitan ng mail na mataas ang uri sa loob ng 30 (tatlumpong) araw pagkatapos hindi makabayad ang account. Isasaad sa abiso ng hindi pagbabayad ang pinal na petsa at oras kung kailan tatanggapin ang buong hindi nabayarang singilin bago ang pagtatasa ng mga bayarin sa pagkolekta at pagwawakas ng serbisyo ng tubig. Hindi bababa sa 15 (labinglima) araw bago ang pinal na petsa, magpapadala ng abiso ng pagputol sa pamamagitan ng mail na mataas ang uri, na nagsasaad muli ng pinal na petsa at oras.
- (j) Pagputol ng Serbisyo ng Tubig dahil sa Hindi Pagbabayad. Napapailalim sa pagputol ang isang serbisyo ng tubig pagkalipas ng 60 (animnapu) araw ng hindi pagbabayad. Puputulin ng Siyudad ang serbisyo ng tubig sa pamamagitan ng pagsasara, at sa ilang kaso ay pagkakandado sa metro. Sisingilin ng bayarin sa sistema ng pagsingil ang customer kahit na pisikal na naisara ang metro.
- (k) Pangangailangan sa Mga Bayarin. Kung hindi matatanggap ang kinakailangang bayad na ito sa petsa at oras na nakasaad sa Seksyon 2(e) o Seksyon 2(i), ayon sa naaangkop, maaaring singilin ng sistema ng tubig ang lahat ng bayarin kabilang ang bayarin sa pagputol na dalawampu't isang dolyar at tatlumpong sentimo (\$21.30), bayarin para sa parehong araw ng pagkakabit ulit na tatlumpong limang dolyar (\$35), at karagdagang depositong tatlumpong dolyar (\$30) para sa bawat pagputol hanggang sa pinakamataas na isang daan at walumpung dolyar (\$180). Napapailalim sa taunang pagtaas ang mga bayarin. Maaari ding putulin ng sistema ng tubig ang serbisyo ng tubig para ipatupad ang pagbabayad tulad ng nakasaad sa Seksyon 2(e) o Seksyon 2(i), ayon sa naaangkop. Isasaalang-alang din ng Siyudad ng Suisan at Solano Irrigation District ang pagbubukod ng paghihirap na nakasaad sa Seksyon 2(h).
- (l) Mga Pamamaraan sa Pagputol. Sa petsa ng pagputol, gagawin ng kinatawan ng sistema ng tubig ang pagsasara at pagseselyo sa metro, at pagsasabit ng abiso sa pinto. Ipagbibigay-alam ng abiso sa customer na pinutol ang serbisyo ng tubig at kung ano ang kinakailangan upang maibalik ang serbisyo ng tubig.

- (m) Mga Hindi Tinanggap na Bayad. Ang mga mapagkakasunduang instrumentong natanggap pero sa kinalaunan ay tinanggihan ay hindi itinuturing na pagbabayad gamit ang pondong available kaagad. Ang mga ganoong pagbabayad ay magresulta sa paghingi ng sistema ng tubig ng buong pagbabayad ng lahat ng bayarin na may dagdag na \$29 (dalawampu't siyam na dolyar) na bayarin sa pagbawi para sa mga hindi sapat na tseke at \$35 (talumpu't limang dolyar) para sa mga bayarin sa pagbabayad online, na napapailalim sa taunang pagtaas. Ipagbibigay-alam ito ng sistema ng tubig sa customer sa pamamagitan ng abisong nakasabit sa pinto sa lokasyon ng serbisyo o ipinadala sa first class mail. Ipapaalam ng abiso sa customer kung ano ang kinakailangan at kung kailan magbabayad para maiwasan ang pagpapataw ng mga karagdagan bayarin sa pagkolekta para sa pagputol ng serbisyo sa tubig. Puputulin ang serbiyo ng tubig kung hindi mababayaran ang halaga ng ibinalik na tseke at ang bayarin sa ibinalik na tseke sa o bago ang petsang tinukoy sa abiso ng pagputol. Ang lahat ng halagang ibinayad upang palitan ang ibinalik na tseke at upang bayaran ang singilin sa ibinalik na tseke ay dapat naka-cash, credit card, o mga pinatotohanang pondo.
- (n) Hindi Nakabayad na Isang Lokasyon ng Serbisyo. Kung makakatanggap ang customer ng serbisyo sa higit sa isang lokasyon ng serbisyo at kung hindi mababayaran ang singilin para sa alinman sa mga account ng customer, mapapailalim ang serbisyo sa lahat ng iba pang lokasyon sa mga probisyon ng Seksyon 2(e).
- (o) Bumukas ang Tubig. Kung bubukas ang tubig, dapat maayos na ihain ang lahat ng kahilingan sa Departamento ng Pananalapi nang 2:00 p.m. ng karaniwang araw ng negosyo upang makatanggap ng pagbubukas sa parehong araw. Kung mahalagang maisagawa ang pagbubukas sa parehong araw na iyon, ngunit hindi natugunan ang 2:00 p. m. na deadline, maaaring humiling ang customer ng call out upang maisagawa ang pagbubukas. Kakalkulahin ang bayarin para sa pagputol at muling pagkakabit ng mga serbisyo ng tubig batay sa oras na bubunuin ng tauhan ng Solano Irrigation District upang muling magkonekta na hinati-hati sa kanilang kada oras na sinisingil. Idaragdag ang bayarin sa lahat ng iba pang bayarin at deposito. Ang mga customer na nagpapakita ng kita ng sambahayang mas mababa sa 200% (dalawang daang porsyento) ng pederal na linya ng kahirapan ay maaaring mapailalim sa pinakamataas na muling pagkakabit sa panahon ng karaniwang oras ng operasyon na \$50 (limampung dolyar), pinakamataas na muling pagkakabit pagkatapos ng mga oras ng negosyon na \$150 (isang daan at limampung dolyar), o ang mismong kabuuang muling pagkakabit kung mas mababa. Mapapailalim ang mga bayarin sa muling pagkakabit sa isang taunang pagsasaayos para sa mga pagbabago sa Consumer Price Index simula Enero 1, 2021. Maaari ding ipawalang bisa ng Siyudad ng Suisun at ng Solano Irrigation District ang mga bayarin sa mga hindi nabayaranang singilin tuwing 12 (labingdalawa) buwan para sa customer na nagpakitang may antas ng kitang mas mababa sa 200% (dalawang daang porsyento) ng pederal na linya ng kahirapan.
- (p) Hindi Pinahintulutang “Pagbubukas.” Kung puputulin ang serbisyo dahil sa hindi pagsunod sa anumang Seksyon ng Resolusyong ito at ipinagpatuloy ang serbisyo nang walang pahintulot, isasara ang metro ayon sa paraang iaatas ng tagapangasiwa ng tubig. Maniningil ng \$35 (tatumpu't limang dolyar) na bayarin para sa pagbabalik ng serbisyo. Idaragdag ang bayaring ito ay sa lahat ng iba pang bayarin at deposito.
- (q) Pagkasira ng Kagamitan. Kung mapag-aalamang nasira ang isang kagamitan sa pamamahagi ng tubig sa panahon ng hindi pinahintulutang pagbabalik ng serbisyo,

maniningil ang tagapangasiwa ng tubig ng bayarin para sa pagkasira. Ang bayaring ito ay hindi bababa sa 35 (tatlumpu't limang dolyar). Idaragdag ang bayaring ito sa lahat ng iba pang bayarin at deposito at may kasama itong gastusin para sa pagpapalit ng anumang nasirang kagamitan.

SEKSYON 3. MGA BAGONG METRO

Idaragdag ang mga bayarin para sa mga metro sa mga bayarin para sa pagkakabit ng serbisyo at itinatalaga ang mga ito bilang hiwalay na bayarin para sa kaghinawaan ng mga subdivider at contractor kung saan ikinakabit ng may-ari ang lahat ng tubo. Kokolektahin ng sistema ng tubig ang mga sumusunod na bayarin para sa pagkakabit ng metro ng tubig at maaaring mapailalim sa mga taunang pagtataas:

<u>Laki ng Metro</u>	<u>Bayarin</u>
3/4"	\$ 368.00
1"	\$ 407.00
1 1/2"	\$ 896.00
2"	\$1080.00

Babayaran ang mas malalaking ganito ayon sa batayang cost-plus. Kung hihilingin ng isang customer sa sistema ng tubig na ayusin ang mga kahon ng metro, sisingilin sila ayon sa batayang cost-plus.

SEKSYON 4. RATE NG IBA PANG SERBISYO AT SERBISOYNG INSIDENTAL

Kapag kailangan ang tubig para sa panandalian at insidental na layunin, malalapat ang sumusunod:

- (1) Pagtatayo ng tirahan ng isang pamilya, bago maglagay ng metro, \$15.00 (isang beses na bayarin). Napapailalim ang bayarin sa Master Fee Schedule na sinunod ng Konseho ng Siyudad.
- (2) Tirahan ng maraming pamilya, bago maglagay ng metro, \$15.00 para sa unit at dagdag na \$7.50 para sa bawat karagdagang unit (isang beses na bayarin). Napapailalim ang bayarin sa Master Fee Schedule na sinunod ng Konseho ng Siyudad.
- (3) Lahat ng iba pang pagtatayo, bago maglagay ng metro, \$15.00 na may kasamang anumang karagdagang bayarin na mapagkakasunduan ng mga sistema ng tubig at ng contractor). Napapailalim ang bayarin sa Master Fee Schedule na sinunod ng Konseho ng Siyudad.
- (4) Kapag kailangan ng maraming tubig mula sa isang fire hydrant, magbabayad ng depositong \$750.00 para sa isang metro ng hydrant. Sisingilin ang paggamit ng tubig batay sa mga kasalukuyang rate. Kapag naibalik ang metro ng hydrant sa parehong kondisyon noong inihatid ito, at nabayaran ang lahat ng bayarin, ibabalik ang deposito para sa metro ng hydrant.
- (5) Ang truck ng tubig mula sa mga fire hydrant; ay sisingilin batay sa mga kasalukuyang rate. Kung kailangan ang tulong ng isang empleyado ng Siyudad o ng kagamitan ng Siyudad sa pagkakabit, magpapataw ng karagdagang bayarin para sa oras at/o mga materyales kasabay ang 10% na overhead.

SEKSYON 5. MGA APELA

Maaaring maghain ng magkakasunod na apela ang mga customer ng tubig na sa tingin nila ay hindi sila patas na trinato sa pamamagitan ng administratibong aplikasyon ng mga regulasyong ito hanggang malutas ang usapin ng:

1. Tagapamahala ng Pananalapi/Tagapamahala ng Mga Administratibong Serbisyo
2. Tagapamahala ng Siyudad
3. Dalawang miyembrong komite na binubuo ng mga miyembro ng Konseho, kung saan ang kanilang pasya ay maiaapela sa Konseho.

SEKSYON 6. ORIHINAL NA RESOLUSYONG IPINAPATUPAD AT PINAPAIRAL

Dinaragdagan at sinususugan ng resolusyong ito ang orihinal na Resolusyon Blg. 87-2 sa hangganang kinakailangan lang upang mapailalim ang resolusyon sa pagsunod sa mga probisyon ng Senate Bill 998, ang Batas ng California sa Proteksyon sa Pagputol ng Tubig (California Water Shutoff Protection Act), at maliban na lang kung partikular na sinususugan ng resolusyong ito o ng iba pang resolusyon, ang orihinal na Resolusyon Blg. 87-2 ay mananatiling ipinapatupad at may-bisa.

SEKSYON 7. MAY-BISA KAAGAD

Ang resolusyong ito ay may-bisa kaagad pagkabigay at pagkatanggap nito.

SEKSYON 8. SEVERABILITY AT VALIDITY

Kung mapag-alaman ng isang korteng may malawak na huridiskyon na ang anumang seksyon, subseksyon, talata, o pangungusap ng Resolusyong ito, o ng anumang partido nito, ay labag sa batas, walang bisa, o hindi sakop ng awtoridad ng Siyudad ng Suisan dahil sa anumang rason, hindi maaapektuhan ng ganoong pasya ang validity o pagkakaroon ng bisa ng mga natitirang bahagi ng Resolusyong ito.